**KAUTUSAN BLG. 7910**

**ISANG KAUTUSAN NA NAGTATAKDA SA BUWAN NG NOBYEMBRE TAUN-TAON BILANG BUWAN NG MGA LOKAL NA IMBENTOR SA LUNGSOD NG MAYNILA.**

Ipinag-uutos ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila, NA:

**BAHAGING I.** Pahayag ng Simulain - Sang-ayon sa Seksyon 10, Artikulo IV ng Saligang Batas, ang Lungsod ng Maynila ay naninindigan sa simulain ng estado na bigyan ng masusing pagpapahalaga ang pananaliksik at pagbubuo, imbensyon, inobasyon at pagsasagamit ng siyensya at teknolohiya na angkop sa pangangailangan ng mamamayan.

**BAHAGING 2.** Alinsunod sa naturang simulain, ang buwan ng Nobyembre ay itinatakda bilang buwan ng mga lokal na Imbentor sa Lungsod ng Maynila.

**BAHAGING 3.** Upang maisakatuparan ang layunin ng Kautusang ito, ang Tanggapan ng Punong Lungsod ng Maynila, sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Agham at Teknolohiya at ng Samahan ng mga Pilipinong Imbentor ay binibigyang-kapangyarihan na magbuo, manguna at magpatupad ng mga programang magtataguyod sa kapakanan, kagalingan at kontribusyon ng mga lokal na imbentor ng Maynila.

**BAHAGING 4.** Ang ilan sa mga programang maaaring isagawa ayon sa kautusang ito ay ang paligsahan ng mga kabataang imbentor mula 7 hanggang 35 taong gulang sa eskuwelahan at pamayanan, ang pagbibigay-parangal sa mga tanyag na imbentor ng Maynila, at pagtatanghal ng mga natatanging imbensyon sa buwan ng pagdiriwang.

**BAHAGING 5.** Ang lahat ng mga pribadong indibidwal, samahan at mga paaralan ay hinihimok na makipag-ugnayan sa tanggapan ng Punong Lungsod para sa paglulunsad ng mga aktibidades sa pagdiriwang ng Buwan ng mga Lokal na Imbentor.

**BAHAGING 6.** Ang Kautusang ito ay nagkakabisa sa araw ng pagkakapagtibay nito.

Pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila ngayong ika-5 ng Setyembre, 1996.

Pinagtibay ng Punong Lungsod ng Maynila ngayong ika-11 ng Oktubre, 1996.

**PINAGTITIBAY:**

ALFREDO S. LIM
Punong Lungsod ng Maynila

PEDRO S. DE JESUS
Pangulong Pro-Tempore at
Pansamantalang Tagapangulo
Sangguniang Panglungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**RAFAELITO M. GARAYBLAS**
Kalihim ng Punong Lungsod

**EMMANUEL R. SISON**
Kalihim ng Sanggunian Panlungsod

---

**PANGUNAHING MAY-AKDA :** KGG. LUCIANO M. VELOSO

**KASAMANG MAY-AKDA** : Kgg. Roger G. Gernale, Kgg. Abelardo C. Viceo, Kgg. Ma. Lourdes M. Isip, Kgg. Miles M. Roces, Kgg. Victoriano A. Melendez, Kgg. Pablo G. Ocampo IV, Kgg. Percival P. Floirendo, Kgg. Julio E. Logarta, Jr., Kgg. Ma. Paz E. Herrera, Kgg. Humberto B. Basco, Kgg. Flaviano F. Concepcion, Jr., Kgg. Ernesto G. Dionisio, Kgg. Larry C. Silva, Kgg. Alex C. Co, Kgg. Marlon M. Lacson, Kgg. Joey D. Hizon, Kgg. Roberto C. Ocampo, Kgg. Jocelyn B. Dawis, Kgg. Gerino A. Tolentino, Jr., Kgg. Francisco G. Varona, Jr., Kgg. Nestor C. Ponce, Jr., Kgg. Luningning F. Go, Kgg. Jhosep Y. Lopez, Kgg. Danilo V. Roleda, Kgg. Ernesto A. Nieva, Kgg. Gonzalo P. Gonzales, Kgg. Alejandro I. Atienza, Kgg. Abraham C. Cabochan, Kgg. Rodolfo C. Bacani, Kgg. Ernesto F. Rivera, Kgg. Manuel M. Zarcal at Kgg. Pedro S. de Jesus.

---

ILT:hgd/rmd